NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Enero 21, 2019

TULA

PAG-UWI

Ni MAY MORALES-DOLIS

NOBELA

HIGIT NA MATIBAY

Ni ARMANDO T. JAVIER

KUWENTO NG LINGGO

SULYAP

Ni EDEN PEDRAJAS CONCEPCION

Angel LOCSIN

MANILA BULLETIN PUBLISHING

ISSN 1656-86-14

P25

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

Larawang mula sa Google

MASAMA BANG MAGING MAKULIT?

Ni FERNANDO B. SANCHEZ

HATI ang pananaw ng mga tao tungkol sa pagiging makulit. May mga naaasar sa nangungulit sa kanila. Naiinis o nagagalit sa puntong kung maaari lang ay tahiin ang bibig o sasapakin ang nangungulit sa kanila. Ang iba nama'y nangingiti na lamang, nagkikibit-balikat at hinahayaan na lang na kulitin siya ng ibang tao. Pasasaan ba't titigil din ang nangungulit sa paniniwalang magsasawa rin ito at ang pinakamabisang paraan upang labanan ito'y ang di pagpansin o pandi-*deadma* sa kanya.

Karamihan sa mga makukulit ay makasarili o iyong tipong ang lahat ng kanyang naisin ay puwede niyang makamtan. Ito'y nagpapakita rin ng "extreme superiority" kung saan ang gusto'y idinadaan sa pangungulit, 'pagkat sa tingin niya, bibigay rin ang taong kinukulit!

Sa isang banda, mainam din naman ang pangungulit kung minsan. Bakit? Ipinakikita ng kinauukulan ang pagiging *persistent* o matiyaga, isang katangian na dapat taglayin ng naglalayong magtagumpay sa kanyang mithiin. Batid niya na may mga tao ring gustong kulitin muna bago ibigay ang hinihingi ng iba. Sila iyong tipong bibigay rin sa pangungulit sa huli. Sabi nga ng kasabihan, "Kung may tiyaga, may nilaga." Di ba't aplikado ito sa lahat ng bagay, sa lahat ng larangang kasama na ang pag-ibig? May mga babae kasi na ang sukatan ng pagtanggap niya ng iniluluhog na pag-ibig ng lalaki'y sa pagpapakita nito ng tiyaga at pagkamatiisin. Sa lalaki naman, ayaw tumigil, ayaw paawat sa pangungulit hanggang sa ipagkaloob ng babae ang kanyang matamis na "oo" o pagsang-ayon. Kung minsan ay dahil sa ayaw na niyang makulit pa! Lalo't mahal din niya ang nangungulit na lalaki!

Sa totoo lang, may gandang ibubunga rin ang pagiging makulit. Ito'y masasalamin sa karanasan ng isang taong nangungulit mula sa pagkukuwento at pangangaral ng Panginoong Jesus na matatagpuan sa Lucas 11:5-8. "Ipalagay nating isang hating gabi," panimula ng Maestro, "isa sa inyo'y nagpunta sa isa ninyong kaibigan at nakiusap, 'Kaibigan, bigyan mo muna ako ng tatlong tinapay. Dumating kasi ang isa kong kaibigang naglalakbay at wala akong maihain sa kanya.' At ganito naman ang sagot ng kaibigan mong nasa loob ng bahay, 'Huwag mo na akong gambalain! Nakatarangka na ang pinto at nakahiga na kami ng aking mga anak. Hindi na ako makakabangon para bigyan ka ng iyong kailangan.' Sinasabi ko sa inyo, hindi man bumangon dahil sa kanilang pagiging magkaibigan, babangon siya upang ibigay ang hinihingi ng kaibigan dahil sa pagpupumilit (o pangungulit) nito sa kanya."

Ang pangungulit, sa kabuuan, ay iyong paulit-ulit na paghingi ng isang pabor na nagbubunga ng kambal na reaksiyon. Ngunit kung busilak at matuwid ang ating motibo't layunin, di malayong matutugunan din tayo sa kalaunan—ayon sa ating hinihingi o hinihiling. Sabi pa ni Jesus: "Kaya't sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo ay bibigyan, humanap kayo at kayo'y makakatagpo, kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan." (Lucas 11:9) Ito'y di mapapasubaliang batas ng kalikasan at ng buhay, di ba?

Ang koneksiyon ng masidhing debosyon sa Sto. Nino at pakikipagkapwa

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

HINDI maikakailang mainit at masidhi ang debosyon ng mga Pilipino sa Sto. Nino. Ang mga deboto'y naglalaan ng oras para mag-organisa ng makukulay na pagdiriwang ng Kanyang kapistahan na rito lamang sa Pilipinas ginagawa (ngunit may basbas ng Simbahan).

Maraming deboto ang nagsasabing maraming himala ang naganap na sa kanilang buhay, halimbawa, ang paggaling ng isang mahal sa buhay sa isang malubhang sakit, o ang pagbabalikan ng mag-asawang matagal nang hiwalay. Ang iba nama'y nagsasabing kahit hindi ibinibigay ng Sto. Nino ang kanilang mga kahilingan, tila gumaan ang kanilang pakiramdam – na parang naiibsan ang araw-araw nilang pakikipagtunggali sa hirap ng buhay.

Ngunit hindi rito nagtatapos ang ating pananampalataya at debosyon sa Sto. Nino. Dapat ding makita ito sa araw-araw nating buhay. Tunghayan ang sitwasyong ito:

May tumawag sa telepono sa bahay ng mga Santoses isang umaga – araw ng Linggo. Ang nakasagot ay ang padre de pamilya. Iyon pala'y *wrong number*! Alam ba ninyo ang sagot niya sa kabilang linya? "Huwag mo akong abalahin sa mga *wrong number* mo, ha! Nagmamadali kaming pumunta sa simbahan!" Saka niya ibinagsak ang telepono!

Ang pangyayaring ito'y nagpapakita lamang ng isang bagay: na ang pananampalataya pala ng isang tao'y maaaring walang kinalaman sa kanyang buhay bilang Kristiyano. Na maaaring maging marubdob na deboto ng Sto. Nino pero maaaring wala siyang paggalang sa dignidad o karapatan ng iba. Maaaring taun-taon'y punong-abala siya sa mga pagdiriwang ng pista sa karangalan ng Sto. Nino, ngunit maaaring wala siyang pakialam sa mga pulubing nanlilimos sa labas ng kanyang bahay.

Ang hinihingi sana ng pagkakataon kung saan may nagtanong sa telepono ay magpakita ng paggalang o kabutihan. Ngunit hindi natin nakita ito sa iniasal ng lalaki! At ginawa niya ito sa oras na magsisimba siya kasama ang kanyang pamilya!

Mula sa Google

Ang ilan pang halimbawa'y makikita sa mga pulitiko sa may higit sa dalawang kabit, sa mga kandidato sa eleksiyon na bumibili ng boto (at mga botanteng handang ipagbili ang kanilang boto), mga empleyado sa opisina na pinagtsitsismisan o pinagkakaisahn ang isang bagong empleyado, mga boss na ang alam lamang ay mag-utos nang mag-utos (ngunit hindi handang marumihan ang kanilang mga kamay), mga maykaya sa buhay na hindi marunong mahabag sa kalagayan ng kanilang kasambahay, at mga artistang nagpapalaki ng agwat ng mayayama't mahihirap dahil panay ang *posting* nila sa Facebook at Twitter tungkol sa kanilang mga bagong bahay at *condo*, o mga pagbabakasyon nila sa ibang bansa!

Ano kaya ang sasabihin ni Sto. Nino sa ganitong kawalan ng koneksiyon ng pananampalataya at asal bilang Kristiyano? Palagay ko'y matagal nang lumuluha ang Sto. Nino!

Ang ikatutuwa ng Sto. Nino ay sa kabila ng mga krisis, paghihirap at pagsubok sa buhay, maalab pa rin ang pananampalataya at debosyon sa kanya habang ipinakikita nila ang pag-ibig at kabutihan sa kapwa.

Angel Locsin, bigatin ang bagong TV series na *The General's Daughter*

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

NGAYON pa lang ay marami na ang nag-aabang ng bagong TV *series* na The General's Daughter ng ABS CBN. *Definitely* ay bigatin ang bagong teleseryeng ito ng Kapamilya Network. Bukod kasi sa laki ng *scope* nito, *star-studded* ang bagong TV *series* na pagbibidahan ni Angel Locsin.

Ito ay isang *action-drama series* na mula sa Dreamscape Entertainment. Tampok din dito sina Albert Martinez, Paulo Avelino, JC de Vera, Arjo Atayde, Tirso Cruz III, Eula Valdez, Janice de Belen, Ryza Cenon, Ms. Maricel Soriano, at marami pang iba, sa pamamahala ni Direk Emmanuel 'Manny' Palo.

Ang The General's Daughter ang *full-length comeback* sa *prime-time* TV ni Angel pagkalipas ng halos limang taon. Ang huling teleserye niya sa Dos ay noong 2014 pa *via The Legal Wife* na tinampukan nila nina Jericho Rosales at Maja Salvador. Bale, *guest star* na maituturing ang paglabas ni Angel sa *La Luna Sangre* na pinagbidahan naman nina Kathryn Bernardo at Daniel Padilla.

Dito ay gaganap si Angel bilang miyembro ng *army nurse corps*. Kaya bukod sa *expected* na madadramang tagpo at eksena, sasabak din dito sa aksiyon ang Kapamilya aktres.

Binabansagan na rin ngayon si Angel bilang Queen of Action-Drama Series dahil sa mga ginawa niyang TV *series* na Mulawin, Darna, Majika, Lobo, Imortal, at ang pinakahuli nga ay ang La Luna Sangre.

Bilang paghahanda sa seryeng ito, sumailalim sa masusing *training* si Angel.

Nabanggit ng aktres na hanggang ngayon ay patuloy pa rin ang pagte-*therapy* niya, tatlong taon mula nang nagkaroon siya ng *spinal injury*.

Pahayag ni Angel, "*They're very careful* sa mga ginagawa, naka-*assist* naman. *After* naman din ng ilang *procedure*, medyo okay naman ako. Ingat-ingat na lang din talaga. Hindi na po puwede na gaya ng dati, na ganoon kalikot. Ngayon, *after* ng mga eksena, *ice pack*, kasi may mga *fight scenes* din kami."

Idinagdag pa ng aktres na *on-going* pa rin naman ang kanyang *therapy*, para ihanda ang katawan niya sa bawat *taping*. Kung alam daw niyang may mabigat na *fight scene* siyang gagawin, gabi pa lang ay nagpapa-PT (*physical therapy*) na siya para makapaghanda at maiwasang magproblema.

Aminado siyang dahil sa kanyang *spinal injury* ay hindi na siya tulad ng dati na nagagawa ang mga mahihirap at delikadong *stunts or action scenes*. Plus, mas maingat siya sa bawat ginagawa ngayon, lalo na raw sa mga delikadong eksena.

Pero *so far*, nakunan na ang ilang maaksiyong eksena nila sa serye, at wala namang naging problema sa aktres.

Umaasa si Angel na walang magiging problema, partikular sa kanyang *health conditions* dahil bukod sa doble ang ingat nila, inaalalayan din siya nang husto ng *production*.

Nabanggit din niya na parang mas *genre* niya ang aksiyon talaga, kaya sa pagbabalik niya sa pagsabak sa aksiyon ay *excited* daw siya.

"Kahit na noong nasa kabilang *station* pa ako, parang mas *genre* ko ang *action* talaga. Kaya ngayong ibinabalik, bumabalik... kaya *I'm very excited*," sambit pa ni Angel.

Binisita rin daw niya ang *set* ng kanilang *taping* sa Daet, Camarines Norte na mas nauna sa mga kasama niya, bilang bahagi na rin ng kanyang paghahanda.

Walang kaso kay Angel kahit sampung oras ang biyahe patungo sa kanilang *set*, dahil *enjoy* raw siya sa *road trips* kaysa mag-eroplano.

Sa isang panayam pa ng aktres, nabanggit niya ang propesyonalismo ng Diamond Star dahil *first taping day* pa lang ni Angel ay si Maricel agad ang nakaeksena niya.

Ayon kay Angel, "Sobrang kabado ako kasi si Ms. Maricel, alas-siyete ang *call time*, alas-kuwatro pa lang, nangangatok na siya sa mga kuwarto. Ganoon siya ka-*professional*. Dumarating siya ng naka-*body make-up* na. Doon kasi, mahirap iyong *role* niya. Ang puti-puti pa niya, *so*, kailangan pa niyang magpa-*dark*. *And on time* siya palagi, *she's very professional*. Ang galing niya *and* wala pa ring kupas *and she's very supportive*."

Janah Zaplan, wish na mas gumanda ang kanyang showbiz career sa 2019

Ni NONIE V. NICASIO

Larawang kuha ni Wilson Fernandez

MASAYA ang *newbie recording artist* na Janah Zaplan sa nangyari sa kanyang *showbiz career* sa nagtapos na taon. *Actually*, bago namaalam ang 2018 ay may humabol pang *blessing* kay Janah, nang makopo niya ang Best New Female Artist sa nagdaang Aliw Awards 2018.

Ang naturang *event* ay ginanap sa Manila Hotel *last* December 13.

Siyempre pa, sobrang *happy* ang tinaguriang Millennial Pop Princess sa pagkapanalo niya.

Sa kanyang *acceptance speech* ay pinasalamatan niya ang Ivory Music, na siyang *producer* ng dalawa niyang *single*, ang *Di Ko Na Kaya* at *Mahal Na Kita*.

Hindi rin nakalimutang pasalamatan ni Janah ang lahat ng mga tagahanganga niya at lalong-lalo na ang kanyang Daddy Boyet at Mommy Dencie.

Proud na *proud* kay Janah ang kanyang mga magulang sa pagkapanalo niya. Si Daddy Boyet ay nag-*post* pa sa Facebook *account* nito na hindi ito makatulog dahil sa sobrang kaligayahan nang gabing nanalo ang anak.

Sa kanyang Faceboook *account* ay nag-*post* din si Janah kinabukasan ng mensahe para muling magpasalamat sa lahat ng sumusuporta at nagmamahal sa kanya, lalong-lalo na sa Poong Maykapal.

Thank you Janah Charmers, Janah Lovers *and* Janahtics *for the love and support.*

To our Almighty Father, I'm nothing without you, thank you for loving me endlessly and for being at my side.

This is definitely a night that I will remember for the rest of my life.

Hindi raw siya nag-*expect* na manalo dahil mabibigat ang *nominees*.

Wika ni Janah, "Siyempre po gulat na gulat ako na akala ko *joke* lang lahat... pero iyon po pala ay totoo talaga ang lahat nang nangyayari. Katulad nga po ng sinabi ko sa *stage*, akala ko na-Colombia ako hahaha! Pero hindi, 'yun na po pala talaga 'yun," masayang saad pa patungkol sa nangyari sa Miss Universe 2015 nang nagkamali si Steve Harvey sa pag-*announce* ng *winner* na imbes Miss Philippines na si Pia Wurtzbach ay si Miss Colombia ang nasabi niya.

Ano ang *wish* niyang mangyari *for* 2019? "*Well* po *for* 2019, ang gusto ko lang po muna mangyari *is* maayos ko po 'yung sarili ko *in terms of my talents and* itsura, *then I would wish to be part of the showbiz industry* na po at makapag-*perform* kasama ang mga *artists and actors*," sambit pa ni Janah.

Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

siya ng bibingka o ng puto bumbong. Na kinatutuwaan din ito ni Aling Maring dahil mataba at magalang na bata, naging kampante si Ronron. Kung wala na silang mapagkuwentuhan sa bahay, magyayayang umistambay sa Freedom Park. Matao roon kung hapon na, palibhasa'y mahangin. Ipagpapaalam siya, siyempre pa, kay Aling Maring, at kung pumayag, angkas niya sa *scooter*; lumalapat ang gulong sa bigat ni Ronron.

Nagkukulitan sila, tawa nang tawa habang nakapo sa isa sa mga bangkong bato sa Freedom Park, nang mataanaw nila ang papasok na motorsiklong iyon: *big bike*, astig sa porma, maangas ang ingay ng tambutso. At nang mag-alis ng *helmet* ang *rider*, nakilala ni Jonna ang kuya ni Georgia.

Ano nga ang pangalan nito? Ambet. Oo nga, Ambet. Inginuso rin sa kanya ni Ronron ang malaki't mapormang motorsiklo, alam ang hilig niya.

"Usyosohin natin. Tena."

Tumayo siya sa kinauupuan, kasunod niya si Ronron. Ngumiti si Ambet nang makitang papalapit siya, namukhaan din siya.

"Oy!"

Nahubad na nito ang suot na *helmet*, ibinukas naman ang pagkakasiper ng *jacket* habang patingin-tingin sa hawak na *cellphone*.

Sa halip na sumagot, muling inusyoso ni Jonna ang malaking motor, hinimas na muli ang makintab na tangke, sinipat ang makintab ding mga *rim*. Nakatingin lang si Ronron, tila siya ang nahihiya sa ginagawa ni Jonna.

"Dito ka ba nag-istambay?" sabi ni Ambet.

"Minsan. Si Ronron nga pala, tropa ko...."

Nginitian ni Ronron si Ambet. Muling tiningnan ni Ambet ang *cellphone*, napaismid.

"Dito ka lang ba nakatira?" tanong uli sa kanya.

"Sa Panamitan..."

Napatangu-tango, palipat-lipat sa kanya ang tingin at sa kalsada. Maya-maya, may narinig silang malalakas at matutunog na ingay ng tambutso. Tatlo pang motorsiklo na malalaking katulad ng motorsiklo ni Ambet ang pumasok sa Freedom Park, tumigil malapit sa kanila.

"Sori, pare, nainip ka yata?"

"Hindi naman," sabi ni Ambet. "Ano? Tayo na?"

Nagsuot uli ng *helmet* at isiniper ang *jacket*.

"Siige, Jonna, alis na kami. Pupunta kami sa Ternate."

Bumusina pa sa kanya bago lumabas sa Freedom Park kasama ng kanyang tropa.

"Sino naman 'yon?" tanong ni Ronron.

"Anak ni'ng me-ari ng talyer sa Centennial."

"Itinatanong pa kung sa'n ka umuuwi, ha? Muk'ang interesado sa 'yo...."

"Magtigil ka nga!" sabi ni Jonna.

(ITUTULOY)